

Mga Opioid—matuto pa sa alberta.ca/opioid

Paano makakahingi ng tulong

Maraming dahilan kung bakit maaaring mangailangan ng tulong ang isang tao kaugnay ng paggamit ng substance at maraming paraan upang matulungan.

Ang pagtulong ay hindi nangangahulugan na kailangan mo o ng kakilala mong huminto sa paggamit kung hindi iyon ang gustong mangyari. At hindi kailangang malulong ng isang tao sa mga opioid, o anumang substance, upang pag-isipang humingi ng tulong.

Kung gumagamit ka ng mga droga, huwag gumamit mag-isa. Tumawag sa 911 kung naghihinala ka ng pagka-overdose.

Kung naghihinala ka ng pagka-overdose

Kung gumagamit ka o ang kasama mo ng mga droga at nakakaranas ng alinman sa mga sintomas na ito:

- mabagal ang paghinga o hindi na humihinga
- nagkukulay asul na kuko at/o labi
- hindi makahinga o nasusuka
- parang nagmumumog
- malamig at nanlalagkit ang balat
- hindi magising...

Tumawag sa 911

- Kung wala kang naloxone, magsagawa ng CPR hanggang sa dumating ang pang-emergency na pangangalaga
- Magturok ng naloxone injection kit o magbigay ng Narcan® nasal spray kung mayroon
- Magsagawa ng rescue breathing hanggang sa muli siyang magsimulang huminga
- Maghintay ng pang-emergency na tulong

Kumuha ng Naloxone

Ang Naloxone ay isang gamot na pansamantalang iwasto ang overdose mula sa mga opioid, gaya ng Fentanyl, kung ibibigay ito kaagad at susundan ng pang-emergency na medikal na pangangalaga.

Nakakapagsagip ng buhay ang Naloxone. Magdala ng Naloxone kit kapag gagamit ng mga droga o kung gumagamit ng mga droga ang mga tao sa paligid mo.

Libre ang mga Naloxone kit. Hindi mo kailangang magpakita ng pagkakakilanlan o reseta.

Tumawag sa 811 upang makahanap ng mga naloxone kit sa isang botika o walk-in na klinika malapit sa iyo. O tumingin sa isang interactive na mapa ng mga lugar sa <http://www.albertahealthservices.ca/info/Page15586.aspx>.

Mga programa ng paggamot at klinika sa Alberta

Nag-aalok ng opioid dependency treatment sa mga pampublikong klinika (sa pamamagitan ng Alberta Health Services) at pribadong klinika. Nag-aalok ang mga ito ng iba't ibang serbisyo, gaya ng pagkakaroon ng methadone o Suboxone at counselling.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga opioid at kung saan ka makakahanap ng paggamot, tumawag sa 811 upang makipag-usap sa Health Link.

Para sa listahan ng mga lokasyon at klinika, bumisita sa <http://www.cpsa.ca/physician-prescribing-practices/methadone-program/methadone-clinics-alberta/>

Mga Paglalarawan

Opioid

Ang mga opioid ay mga drogang ginagamit para maibsan ang pananakit. Ang mga pinakakaraniwang anyo ay:

- codeine
- oxycodone
- methadone
- hydromorphone
- fentanyl

Maaaring pharmaceutical-grade at ireseta ng mga doktor at surgeon ang mga opioid. Maaaring ibenta nang ilegal ang mga inireresetang opioid sa kalye. Maaaring may “cut” o halo na itong iba pang compound, kabilang ang fentanyl.

Fentanyl

Ang fentanyl ay isang napakatapang, walang amoy, at walang lasang synthetic na narcotic na nasa 50 hanggang 100 beses na mas matapang kumpara sa morphine. Kadalasang inirereseta ang hindi ilegal na fentanyl upang maibsan ang malubhang pananakit.

Ini-import ang mga ilegal na na-manufacture na fentanyl, hinahalo sa iba pang droga, at ibinebenta sa anyo ng pill, powder, at powder na hinalo sa iba pang droga (hal. cocaine, crystal meth, atbp.).

Sapat na ang tatlo o apat na butil ng fentanyl upang mapatay ang isang pangkaraniwang nasa hustong gulang.

Carfentanil

Ang carfentanil ay isang opioid na droga na 10,000 beses na mas matapang kumpara sa morphine at 100 beses na matapang kumpara sa fentanyl. Hindi ito lisensyadong gamitin ng mga tao, ngunit ginagamit itong pampamanhid ng malalaking hayop alinsunod sa mahihigpit na kundisyong pangkaligtasan, gaya ng mga elepante.

Ang isang butil ay nakakapatay ng isang nasa hustong gulang.